Mga pag-iingat kapag gumagamit ng pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling

**Mangyaring sundin ang mga tagubilin ng staff ng pasilidad para sa ligtas na pagpapagaling sa panahon ng iyong pamamalagi**

① Ginagamit namin ang health check system na "LAVITA" para magsagawa ng pagsusuri ng kalusugan. Mangyaring basahin sa "Pang-araw-araw na pagsusuri ng kalusugan" ang paraan ng paggamit at ilagay ang kondisyon ng inyong kalusugan 3 beses sa 1 araw (hanggang 8:30 ng umaga/12:30 ng tanghali/6:30 ng hapon).

② Titira ka sa pribadong silid (may paliguan at banyo) sa loob ng pasilidad.
Hindi maaaring lumabas mula sa silid habang nananatili rito.

③ Mayroon ding ibang mga residente sa loob ng pasilidad na nagpapagaling, kaya't mangyaring iwasan ang mga kilos na nakakagambala, tulad ng pag-iingay, atbp.

④ Bawal uminom ng alak o manigarilyo sa pasilidad.

⑤ Mangyaring iwasang i-post sa social media ang sitwasyon sa loob ng pasilidad.

⑥ Karaniwan walang bayad sa paggamit ng pasilidad. Gayunpaman, kung may nakitang mga sira sa pasilidad, sisingilin ka para sa gastos sa pagpapaayos ng pasilidad.

⑦ Mangyaring gamiting ang mobile phone na iyong dinala upang makipag-ugnay sa labas.
Hindi maaaring tumawag sa labas gamit ang telepono sa iyong silid.

⑧ Ang mga pagkain ay ihahain nang naka-lunch box ng 8 ng umaga, 12-12:30 ng tanghali, at 6:00 ng hapon (naka-iskedyul). Iaanunsyo namin kapag tapos nang maihatid ang mga ito, kaya mangyaring huwag buksan ang inyong pinto hanggang sa oras na ito.

⑨ Nagpamahagi kami ng wristband para sa pagkakakilanlan para sa oras ng emerhensiya
Mangyaring suotin ang wristband sa loob ng pasilidad.

⑩ Maaaring tumanggap ng regalo mula sa miyembro ng pamilya o kakilala, ngunit hindi ito maaaring direktang makukuha. Mangyaring gamitin ang delivery service.

⑪ Hindi namin tumatanggap ng mga pinalamig (frozen) na pakete, cash on delivery, fixed-time delivery, at food delivery service.

⑫ Mangyaring ilagay ang basura sa kuwarto sa isang garbage bag at dalhin ito sa labas ng kuwarto kapag kukunin ang almusal sa mga araw na minarkahan ng bilog sa talahanayan sa ibaba. Mangyaring tiyakin na itapon ang mga natirang laman ng plastic bottle sa lababo, durugin ito at itapon bilang basura.

| (Araw) | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagkolekta ng basura | ○ | × | ○ | × | ○ | × | ○ |

⑬ Kung matugunan ang mga pamantayang sa ibaba ay maaari na kayong makalabas sa pasilidad.

<Pamantayan para sa paglabas>

(1) Kung symptomatic pathogen carriers

・ Kung 10 araw na ang lumipas mula nang unang lumabas ang mga sintomas at 72 oras naman matapos maibsan ang mga ito[*1]

(2) Kung asymptomatic pathogen carriers

・ Kung 10 araw na ang lumipas mula sa araw ng pagkolekta ng specimen[*2]

*1 Tumutukoy sa kaso kung saan ang pasyente ay bumaba ang lagnat nang hindi gumagamit ng antipyretic at bumubuti ang sintomas ng kanyang mga respiratory oragan.

* 2 Ang petsa ng pagkolekta ng sample na may kaugnayan sa nagpositibong resulta.

⑭ Hindi kayo maaaring maglakad pauwi, kaya mangyaring magpasundo sa iyong pamilya o sumakay ng shuttle bus mula sa pasilidad ng panunuluyan. Tatanungin kayo ng opisina kung paano kayo uuwi mga 3 araw bago kayo umalis.

⑮ Maaari kami mag-isyu ng sertipiko tungkol sa pagpapagaling sa panuluyan kung kailangan niyo nito. Pagkatapos lumabas sa pasilidad, mangyaring punan ang form ng aplikasyon sa URL sa ibaba at ipadala ito sa tanggapan ng aplikasyon.

URL: https://www.pref.gifu.lg.jp/page/135725.html

Kung ikaw ay may mga katanungan o alalahanin habang nananatili rito, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa sumusunod na contact information.

● Mga bagay na may kaugnayan sa kalagayan ng kalusugan: Nurse station　loc. 5210

● Maliban doon: Opisina　loc. 5220

* Tumatanggap sa oras mula 7:00 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi. Kapag hindi maganda ang kondisyon ng katawan o may emerhensiya, mangyaring makipag-ugnay sa amin anumang oras.